

## Bakuna sa Coronavirus para sa mga babaeng buntis

Maikling impormasyon mula sa Norwegian Institute of Public Health tungkol sa COVID-19 vaccines.

### Tungkol sa COVID-19

Ang mga babaeng buntis ay mas malamang magkaroon ng malalang kurso ng sakit na COVID-19. Mas matagal mahawaan ang isang babaeng buntis, mas malaki ang panganib ng pagkakaroon ng malalang sakit. Samakatuwid ay nirerekomenda ng Norwegian Institute of Public Health na dapat protektahan ng mga babaeng buntis ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pagkakaroon ng dalawang dosis ng bakuna sa coronavirus.

### Payo:

- Lahat ng mga babaeng buntis na hindi nakakumpleto ng pangunahing serye ng pagbabakuna ay dapat gawin ito. Mailalapat ito anuman ang trimester.
- Ang mga kababaihang buntis ay nirerekomendahan ding magkaroon ng booster na dosis. Partikular na mahalaga ito para sa mga kababaihang buntis na nasa kanilang pangalawa o pangatlong trimester kapag mahigit 20 linggo na ang nakaraan mula sa unang dosis, at para sa mga kababaihan na nasa kanilang unang trimester kung nagdurusa din sila sa ilang mga medikal na kundisyon.

### Background

Ipinapayo ng Norwegian ang tungkol sa bakuna sa coronavirus ng mga babaeng buntis ay dumating pagkatapos na madagdagan ang kaalaman tungkol sa epekto ng bakuna sa ina at anak pangunahin na mula sa ibang mga bansa. What we know about the effects of the vaccine primarily comes from other countries. Halimbawa, ang UK ay may mas mataas na pasanin ng sakit sa loob ng mahabang panahon, at maraming mga buntis na kababaihan ang na-admit sa ospital.

Ipinakikita ng mga internasyonal na pag-aaral na ang mga buntis na nahawaan ng COVID-19 ay may mas mataas na panganib na ma-admit sa ospital at nangangailangan ng suporta sa paghinga kaysa sa mga babaeng hindi buntis na may parehong edad. Dumami ang bahagi ng mga nangailangan ng suporta sa paghinga sa lahat ng mga variant ng coronavirus. Mayroon ding mas mataas na panganib ng pagsilang nang kulang sa buwan kaysa sa mga buntis na kababaihan na hindi nakumpirma ang COVID-19 sa parehong yugto ng pagbubuntis. Ang panganib ng mga hirap sa paghinga at panganganak nang kulang sa buwan ay mababa sa mga buntis na kumpletong nabakunahan.

Ang mga pag-aaral na ito ay nagpapakita ng proteksiyon na epekto ng bakuna laban sa isang malubhang sakit sa ina at kinukumpirma ang kahalagahan ng pagiging protektado ng bakuna kung maaari. Ang mga antibody na ginawa ng ina pagkatapos ng pagbabakuna ay inililipat din sa fetus upang ang sanggol ay mapoprotektahan din pagkatapos ng kapanganakan. Walang pag-aaral na nagmumungkahi na ang bakuna ay may negatibong epekto sa pagbubuntis o sa fetus.

### Mga side effect

Ang pinakakaraniwan na side effect tulad ng pananakit ng ulo, pagkapagod, pakiramdam ng masama, lagnat, pagduduwal at pananakit ng katawan ay karaniwan din sa mga buntis. Madalas nagaganap

Tittel: Koronavaksine til gravide

Språk: Tagalog

Opprettet: 01.12.21

Oppdatert: 16.02.22



ang mga sintomas sa una o ikalawang araw pagkatapos ng pagbabakuna at tumatagal ng mga 2-3 araw. Walang natukoy na mga side effect na partikular sa pagbubuntis sa mga bakunang inaprubahan para gamitin sa Norway.

### **Saan ako makakakuha ng bakuna sa coronavirus?**

Tanungin ang inyong midwife o doktor o tingnan ang website ng inyong munisipyo para sa impormasyon kung saan makakakuha ng bakuna sa coronavirus.

### **Higit pang impormasyon**

Malaman ang higit pa tungkol sa payo sa buntis at mga babaeng nagpapasuso sa Gabay sa Coronavirus: <https://www.fhi.no/nettpub/coronavirus/befolkningen/rad-for-gravide-og-ammende/>